



MGA TIP SA PAGTITIPID NG ENERHIYA PARA SA TAHANAN



Mga Nilalaman

Panimula 2

Kasuotan 3

Washing Machine
Tumble Dryer
Plantsa

Pagluluto 4

Pridyider
Kagamitan sa Pagluluto
Mga Pangkalahatang Pahiwatig sa Pagluluto
Dishwasher

Pamumuhay 8


Pailaw
Aircon
Painitan ng Tubig
De-kuryenteng Painitan
Dehumidifer
Vacuum Cleaner
Personal na Kompyuter (PC)
Kagamitang Pandinig at Biswal (AV)

Pagkilos 13

Cell Phone

Konsumo ng Standby Power 14

Mga Kaugnay na Website



Panimula

Ang libritong[^] ito ay naglalayong magbigay ng mga tip para sa pagtitipid ng enerhiya sa bahay.


Ilang mga simpleng tip sa pagtitipid ng enerhiya sa bahay:

- Gumamit ng mga kasangkapang may mataas na episyensiya sa enerhiya, gaya ng mga produktong may label ng enerhiya na "Grade 1".
- Itakda at panatilihin ang temperatura ng naka-aircon na kuwarto sa pagitan ng 24°C at 26°C o mas mataas pa tuwing tag-init.
- Gamitin ang mga lampara na may mataas na pagiging epektibo sa enerhiya, tulad ng mga Light Emitting Diode (LED) na lampara.
- Gumamit ng mga kasangkapang may timer control o awtomatikong pagsasara. Huwag iwanan ang mga ito sa standby mode nang matagal na panahon.
- Patayin ang mga kagamitan na hindi ginagamit o pagkatapos gamitin, at tanggalin mula sa mga power outlet upang mabawasan ang konsumo ng standby power.
- Gumamit ng mga kasangkapang may tamang kapasidad at mga tampok na pinakaangkop sa tahanan.
- Regular na panatilihin ang mga kasangkapan bago o pagkatapos gamitin para sa pinakamainam na episyensiya sa enerhiya.
- Bawasan ang paggamit ng mainit na tubig sa paliligo at paglilinis hangga't maaari.
- Gamitin ang kalkulator ng enerhiya sa web upang matantiya ang taunang pagkonsumo ng kuryente ng mga kasangkapan sa ilalim ng Mandatory Energy Efficiency Labelling Scheme.

Website: <https://www.emsd.gov.hk/energylabel/en/cal/cal.php>

[^] Maaaring ma-download ang libritong ito mula sa link na ito:

http://www.emsd.gov.hk/en/energy_efficiency/energy_management/publications/index.html




Washing Machine

- Pumili ng mga washing machine na matipid sa enerhiya. Ang mga washing machine na may label ng enerhiya na "Grade 1" ang pinakamatipid sa enerhiya.
- Pumili ng washing machine na tumutugon sa mga pangangailangan ng inyong tahanan. Kung maliit ang inyong normal na labahan, pumili ng mas maliit na modelo na gumagamit ng mas kaunting tubig at gumamit ng pampublikong labahan para sa malalaking bagay tulad ng mga comforter.
- Ganap na punan ang makina - ang paglalaba ng kalahating load ng mga damit ay kumukonsumo ng halos parehong dami ng enerhiya kaysa isang buong load.
- Paghiwalayin ang mga damit ayon sa tela, kulay at dumi, at hugasan ang mga damit gamit ang naaangkop na mga programa ng paglalaba upang makatipid sa enerhiya at tubig.
- Ang paglalaba sa lamig na tubig ay hindi lamang mas epektibo sa enerhiya, mas mahusay din ito para sa iyong mga damit. Gamitin ang mainit na tubig para sa puti lamang kapag kinakailangan.

Tumble Dryer

- Pumili ng mga tumble dryer na matipid sa enerhiya.
- Hangga't maaari, patuyuin ang labahan sa araw sa labas.
- Ang pag-alis ng labis na tubig sa mga damit o pagpapatuyo ng mga damit gamit ang highspeed spin cycle sa washing machine bago ang pagpapatuyo sa tumble dryer ay maaaring makatipid ng enerhiya.
- Ang paglilinis ng lint filter bago/pagkatapos ng bawat load ay nagpapanatili sa episyensiya ng dryer.



Kasuotan

- Huwag mag-overload ng dryer dahil nahaharang nito ang daloy ng hangin at lubhang nababawasan nito ang episyensiya ng pagpapatuyo. Pagbukud-bukurin ang mga damit at iba pang mga bagay ayon sa kanilang kapal at patuyuin ang mga ito batay sa kanilang pangkat.
- Bumili ng mga tumble dryer na may moisture sensor at awtomatikong programa sa pagpapatuyo upang maiwasan ang sobrang pagpapatuyo.
- Alisin at tiklupin o isabit ang lahat ng bagay sa sandaling huminto na ang dryer upang maiwasan ang mga kulubot at mabawasan ang pamamalantsa.


Plantsa

- Magplantsa ng mga damit nang maramihan upang maiwasan ang madalas na pagpapainit sa plantsa.
- Piliin ang naaangkop na antas ng init para sa pamamalantsa. Plantsahin muna ang mga damit na nangangailangan ng malakas na init, at pagkatapos ang mga damit na kailangan ng katamtamang init. Patayin ang plantsa at gamitin ang natitirang init para sa mga telang nangangailangan ng mahinang init tulad ng seda.
- Patayin ang plantsa kapag hindi ito ginagamit sa loob ng mahabang panahon o kapag tapos na ang pamamalantsa.

Pagluluto

Pridyider

- Pumili ng pridyider na matipid sa enerhiya. Ang mga pridyider na may label ng enerhiya na "Grade 1" ang pinakatipid sa enerhiya.
- Huwag maglagay ng pridyider na malapit sa pinagmumulan ng init - oven, dishwasher o direktang sikat ng araw mula sa bintana.




Pagluluto

- Mag-iwan ng sapat na espasyo sa pagitan ng pridyider at mga pader o kabinet upang makadaloy ang hangin sa paligid ng mga condensing coil. Ang nakulong na init ay nakakaragdag sa pagkonsumo ng enerhiya.
- Siguraduhing sarado ang pinto ng pridyider at ganap ang mga seal ng pinto. Iwasang buksan nang madalas ang pinto ng pridyider.
- Huwag itakda ang temperatura ng pridyider nang mababa kung hindi kinakailangan.
- Hayaang lumamig hanggang sa temperatura ng silid ang mainit o mainit-init na pagkain bago ilagay ito sa pridyider.
- Huwag mag-imbak ng sobrang daming pagkain sa pridyider. Takpan ang lahat ng nakaimbak na pagkain, at ayusin ang mga ito upang malayang makadaloy ang malamig na hangin.
- Regular na i-defrost ang direct-cool na uri ng pridyider. Huwag hayaang magkaroon ng frost sa kompartamento ng freezer dahil madaragdagan nito ang pagkonsumo ng enerhiya.
- Alisan ang laman ng pridyider at patayin ito bago pumunta sa ibang bansa nang mahabang panahon.

Kagamitan sa Pagluluto

- Gumamit ng mga induction cooker dahil mas matipid ang mga ito sa enerhiya kaysa sa mga de-kuryenteng kalan.
- Pumili ng mga induction cooker o gas cooker na matipid sa enerhiya. Ang mga induction cooker o gas cooker na may label ng enerhiya na "Grade 1" ang pinakamatipid sa enerhiya.
- Ang paggamit ng mga fan-forced electric oven ay mas tipid sa enerhiya kaysa sa mga pangkaraniwang electric oven.
- Gumamit ng mga multi-jet cooker/oven dahil ang kanilang kagalingan sa maraming bagay ay maaaring makabawas sa paggamit ng enerhiya.




Pagluluto

- I-adjust ang apoy sa kalan upang magkasya sa ilalim ng kawaling panluto. Ang apoy na umaakyat mula sa mga gilid ng kawali ay nag-aaksaya ng enerhiya at hindi nagpapataas ng episyensiya sa pagluluto.
- Ang paggamit ng mga simmer burner upang magpainit ng pagkain sa mga kaserola o ang paggamit ng mga kalderong mabagal ang pagluluto ay maaaring makatipid ng enerhiya.
- Gumamit ng mga kasangkapan sa pagluluto na may mas mataas na episyensiya sa enerhiya tulad ng mga microwave oven o toaster oven para sa pagluluto at pag-iinit ng pagkain na maliit ang kantidad.
- Pumili ng mga microwave oven at de-kuryenteng rice cooker na tipid sa enerhiya, tulad ng mga may label ng enerhiya.
- Ang paggamit ng mga de-kuryenteng pot para magpakulo ng tubig ay mas tipid sa enerhiya kaysa sa mga kalan.
- Magpakulo lamang ng tubig sa dami na tutugon sa pangangailangan sa pagkonsumo. limbak ang anumang sobrang tubig na mainit sa isang thermal pot. Iwasang gamitin ang keep-warm function ng de-kuryenteng pot.
- Panatilihin malinis ang cooking burner upang mapanatili ang pinakamainam na episyensiya sa fuel combustion.

Mga Pangkalahatang Pahiwatig sa Pagluluto

- Ang paggamit ng mga pressure cooker ay makakatipid hindi lamang sa humigit- kumulang 2/3 ng oras sa pagluluto kundi pati na rin sa enerhiya.
- Laging takpan ang mga kawali upang mapanatili ang init sa loob at makatipid sa enerhiya.
- Paikliin ang oras ng preheating sa oven hangga't maaari. Patayin ang oven 5 hanggang 10 minuto bago makumpleto ang pagluluto. Hayaang tapusin ng natitirang init ang pagluluto.




Pagluluto

- Magluto ng ilang mga pagkain nang sabay-sabay kapag gumagamit ng isang oven, o magluto muna ng mga pagkaing nangangailangan ng mas mataas na temperatura.
- Ang pagluluto nang masyadong maaga bago pa ang oras ng pagkain ay nagsasayang ng enerhiya sa pagpapainit muli o pagpapanatili sa init ng pagkain.
- I-defrost ang frozen na pagkain sa hangin bago lutuin ito.
- Gumamit ng mga kasangkapan sa pagluluto na magaling sa paghahatid ng init. Mas mabilis na umiinit/naluluto ang pagkain sa mga kaldero at kawali na natatakpan ng takip, kung kaya't nakakatipid ito sa enerhiya.
- Magluto ng pagkain sa naaangkop na dami upang maiwasan ang pag-aaksaya ng pagkain at makatipid ng enerhiya.

Dishwasher

- Maghugas lamang ng isang buong load ng pinggan.
- Patuyuin ang mga pinggan sa hangin sa halip na patakbuin ang programa ng pagpapatuyo ng dishwasher.




Pailaw

- Patayin ang mga ilaw kapag hindi ginagamit.
- I-maximize ang paggamit ng liwanag ng araw hangga't maaari.
- Pumili ng isang decoration scheme ng mga kulay ng ilaw at mataas na reflectivity upang mapahusay ang intensidad ng panloob na pailaw.
- Gamitin ang mga lampara na may mataas na pagiging epektibo sa enerhiya, tulad ng mga Light Emitting Diode (LED) na lampara. Tingnan ang label ng enerhiya sa produkto, kung saan ang "Grade 1" na produkto ay ang pinakaepektibo sa enerhiya, "Grade 5" naman ang hindi gaanong epektibo.
- Para sa mga non-integrated type CFL at electronic ballast, pumili ng mga matipid sa enerhiya, gaya ng mga may label ng enerhiya.
- Gumamit ng mga task light upang mabawasan ang paggamit ng pangkalahatang pailaw.
- Panatilihin malinis ang mga bombilya at pailawan upang ma-maximize ang episyensiya sa pailaw.

Aircon

- Pumili ng mga air conditioner na may mataas na epektibong enerhiya. Ang mga air conditioner na may "Grade 1" na label sa enerhiya ay ang pinakaepektibo sa enerhiya, at maaaring makapag-save ng hanggang sa 40% ng taunang konsumo ng kuryente kumpara sa mga air conditioner na may "Grade 3".
- Itakda at panatilihin ang temperatura ng naka-aircon na kuwarto sa pagitan ng 24°C at 26°C o mas mataas pa tuwing tag-init.
- Gumamit ng natural na bentilasyon o mga bentilador sa halip na mga aircon hangga't maaari.
- Isaalang-alang ang paggamit ng bentilador kasabay ng aircon upang maikalat nang mas pantay ang pinalamig na hangin.




Pamumuhay

- Regular na linisin ang mga filter ng alikabok ng mga aircon.
- Alisin ang mga sagabal sa mga air vent ng mga aircon.
- Panatilihin nakasara ang mga bintana at pinto kapag nakabukas ang aircon, at gumamit ng mga kurtina o blind upang magtabing laban sa sikat ng araw.
- Patayin ang mga aircon na hindi ginagamit.
- Patayin ang ilaw at mga kasangkapang gumagawa ng init na hindi ginagamit upang mabawasan ang karga ng aircon.
- Iwasan ang direktang sikat ng araw sa panlabas na heat exchanger unit ng aircon.

Painitan ng Tubig

- Gumamit ng instantaneous type na painitan ng tubig sa abot ng makakaya. Kung hindi, gumamit ng mga storage type na painitan ng tubig na matipid sa enerhiya.
- Para sa domestikong instantaneous type na de-gas na painitan ng tubig, piliin ang mga matipid sa enerhiya. Ang mga domestikong instantaneous type na de-gas na painitan ng tubig na may label ng enerhiya na "Grade 1" ang pinakamatipid sa enerhiya.
- Para sa mga storage type na painitan ng tubig, piliin ang mga matipid sa enerhiya. Ang mga storage type na de-kuryenteng painitan ng tubig na may label ng enerhiya na "Grade 1" ang pinakamatipid sa enerhiya.
- Para sa mga storage type na painitan ng tubig, pumili ng may angkop na kapasidad sa pag-iimbak na angkop sa mga pangangailangan ng pamilya.
- Patayin ang painitan ng tubig pagkatapos gamitin.
- Itakda ang temperatura ng tubig ng painitan ng tubig sa pinakamababang katanggap-tanggap na antas, lalo na tuwing tag-araw.




Pamumuhay

- I-install ang painitan ng tubig nang malapit sa mga gripo hangga't maaari.
- Ang pag-shower sa halip ng paggamit ng banyera ay gumagamit ng 50% mas kaunting mainit na tubig at enerhiya.
- Gumamit ng malamig na tubig kung saan hindi ganap na kinakailangan ang mainit na tubig.
- Ang paggamit ng mababang daloy na shower head ay nakakatipid ng tubig at enerhiya sa pag-init.

De-kuryenteng Painitan

- Gumamit ng aircon na may heat pump na kumokonsumo ng mas kaunting enerhiyang elektrikal kaysa sa mga de-kuryenteng painitan.
- Pumili ng mga aircon o de-kuryenteng painitan na may tamang rating upang umangkop sa laki ng kuwarto.
- Gumamit ng mga kasangkapan sa pagpapainit na may air distribution, tulad ng mga aircon na may heat pump o forced draft heater, na nagpapaikot ng mainit- init na hangin nang mas episyente kaysa sa mga pangkalahatang de- kuryenteng painitan.
- I-minimize ang lugar na paiinitin, at isara ang mga pinto at bintana nito upang maiwasan ang paglabas ng init.
- Magsuot ng mas maiinit na damit bago isaalang-alang ang paggamit ng painitan.
- Gumamit ng mga painitan na may termostat at timer switch para maiwasan ang di-kinakailangang pagkonsumo ng enerhiya. Itakda ang termostat upang mapanatili ang naaangkop na temperatura sa loob ng silid.
- Ang regular na paglilinis ng ibabaw at filter ng de-kuryenteng painitan ay nakakatulong na mapanatili ang episyensiya nito.
- Patayin ang painitan 15-30 minuto bago umalis.



Dehumidifier


- Pumili ng mga dehumidifier na matipid sa enerhiya. Ang mga dehumidifier na may label ng enerhiya na "Grade 1" ang pinakatipid sa enerhiya.
- Pumili ng mga dehumidifier na may awtomatikong dehumidification.
- Maglagay ng dehumidifier sa isang lugar na maganda ang bentilasyon at malayo sa mga sulok. Huwag harangan ang mga labasan at balikan ng hangin ng dehumidifier para sa pinakamaganda nitong pagtakbo.
- Huwag maglagay ng dehumidifier sa ilalim ng direktang sikat ng araw o malapit sa mga kagamitan sa pagpapainit.
- Panatiliing nakasara ang mga bintana at pinto kapag nakabukas ang dehumidifier.
- Dalasan ang paglilinis ng dehumidifier kabilang ang filter. Ang isang malinis na yunit ay gumagana nang mas episyente.

Vacuum Cleaner

- Gumamit lamang ng vacuum cleaner kapag hindi magawa ng mga walis o mamasa-masa na mop ang trabaho nang epektibo.
- Pinapanatiling episyente ng paglilinis o pagpapalit ng mga dust bag at filter ang mga vacuum cleaner.

Personal na Kompyuter (PC)

- Ang pagpatay sa screen ay mas nakakatipid ng enerhiya kaysa sa pagpapatakbo ng "screen saver" na programa.
- I-set ang PC sa "sleep" o "hibernation" mode kapag hindi ginagamit.
- Patayin ang PC kapag hindi ginagamit.




Pamumuhay

- Gumamit ng intelligent power extension unit upang awtomatikong mapatay ang mga peripheral device tulad ng mga monitor at printer, at mabawasan ang standby na pagkonsumo ng kuryente.


Kagamitang Pandinig at Biswal (AV)

- Pumili ng mga telebisiyong matipid sa enerhiya. Ang mga telebisiyong may label ng enerhiya na "Grade 1" ang pinakatipid sa enerhiya.
- Patayin ang mga kagamitang AV kabilang ang mga radyo, telebisyon (at set-top box), home audio system, atbp. pagkatapos gamitin.
- Ang remote control device ay maaari lamang ilipat ang kagamitang AV sa standby mode. Patayin ang pinagmumulan ng enerhiya ng kagamitang AV na hindi ginagamit sa mahabang panahon o tanggalin ang plug ng mga ito mula sa mga saksakan ng kuryente upang maiwasang maiwan ang mga ito sa standby mode.
- Gumamit at mag-preset ng timer switch upang patayin ang lahat ng kagamitang AV sa oras ng pagtulog.



Cell Phone

- Tipirin ang enerhiya sa baterya ng cell phone at i-minimize ang pag-recharge ng baterya sa pamamagitan ng pagpapasa ng mga serbisyo ng mobile telecom sa fixed line desk na telepono sa bahay o opisina.
- Kapag parehong mayroong mobile data network at Wi-Fi network, makakatulong ang paggamit sa Wi-Fi network para makatipid sa lakas ng baterya ng cell phone.
- Alisin ang charger ng baterya mula sa saksakan ng kuryente pagkatapos makumpleto ang pag-charge.
- I-minimize ang pagkonsumo ng enerhiya ng cell phone sa pamamagitan ng pagpatay sa mga function na pansamantalang di-ginagamit tulad ng vibration, GPS, at Bluetooth, at pagdidilim ng screen o paggamit ng auto brightness control mode.



Konsumo ng Standby Power

Ano ang standby power?

- Ang standby power ay ang kuryente na ginagamit ng isang kagamitan kapag hindi ito nagtatrabaho sa kanyang pangunahing mga function, pero nakakabit sa isang power source at handang gamitin. Halimbawa: ang telebisyon ay patuloy na kumukuha ng kaunting kuryente upang mapanatili ang function ng kontrol pagkatapos patayin ng gumagamit gamit ang remote control device. Ang standby power ay inilalarawan sa watts (W).


Magkano ang enerhiyang ginagamit sa mode ng standby? Bakit ito mahalaga?

- Ang konsumo ng kuryente ng mga iiba't ibang kagamitan sa mode ng standby ay nag-iiba. Sa pag-aakala na ang konsumo ng kuryente sa standby mode ng isang kagamitan ay 1 Watt at karaniwang mayroong mga 10 hanggang 20 na kagamitan sa standby mode sa isang pamilya*, ang pagpatay ng lahat ng mga standby na kagamitan na ito ay maaaring magbawas ng konsumo ng kuryente sa bahay ng hanggang sa 3%.

* Ang mga kagamitan na ito ay kasama ang broadband modem; Wi-Fi router; cordless telephone; computer; computer monitor; printer; charger para sa mobile phone, tablet computer, notebook computer, at backup battery pack; television; video player; digital video recorder; video game console; radio; electric fan; electric toothbrush at electric shaver.

Mga tip para mabawasan ang Konsumo ng Standby Power

- Patayin ang mga kagamitan na hindi ginagamit, pagkatapos gamitin o bago umalis ng matagal sa ibang bansa, at tanggalin mula sa mga power outlet upang mabawasan ang konsumo ng standby power.
- Gamitin ang mga kagamitan na may timer control o automatic power-off function. Huwag hayaan na nasa standby mode ito ng matagal.
- Alisin ang battery charger mula sa power socket outlet pagkatapos ng pagpapakarga.



Mga Kaugnay na Website

Kawanihan ng Kapaligiran at Ekolohiya / Departamento ng mga Serbisyong Elektrikal at Mekanikal - Pagtitipid ng Enerhiya para sa Lahat

<https://www.energysaving.gov.hk/en/home/index.html>

<https://www.emsd.gov.hk/energyland/en/home/index.html>

<https://ee.emsd.gov.hk/english/index.html>

<https://re.emsd.gov.hk/english/index.html>

<https://www.emsd.gov.hk/energylabel/en/about/background2.html>

https://www.emsd.gov.hk/en/energy_efficiency/voluntary_energy_efficiency_labelling_scheme/index.html

Departamento ng Suplay sa Tubig - Pagtitipid sa Tubig

<https://www.waterconservation.gov.hk/en/home/index.html>

HK Electric - Smart Power

<https://www.hkelectric.com/SHW-en>

CLP - Mga Tip sa Pagtitipid ng Enerhiya

<https://powerconnect.clp.com.hk/en/CLP-PowerConnect/Energy-Saving-Tips>



機電工程署 能源效益事務處
Energy Efficiency Office
Electrical and Mechanical Services Department
九龍灣啟成街 3 號
3 Kai Shing Street, Kowloon, Hong Kong
電話 Tel : (852) 2808 3465
傳真 Fax : (852) 2890 6081
網址 Homepage : <http://www.emsd.gov.hk>
電郵 E-mail : eepublic@emsd.gov.hk

機電工程署
EMSD

